# Mga Tanong at Sagot

Nob. 30, 2009

## Gagamitin ng USCIS ang Kapangyarihan ng Parole para sa Ilang Dayuhan sa Commonwealth of the Northern Mariana Islands

**Background**

Ipapatupad ang batas sa imigrasyon ng U.S. sa Commonwealth of the Northern Mariana Islands (CNMI), na ang panahon ng transisyon ay nakatakdang simulan sa Nob. 28, 2009. Noong Mayo 8, 2008, nilagdaan ni Pangulong George W. Bush para maging batas ang Public Law 110-229, ang *Consolidated Natural Resources Act of 2008* (CNRA). Ang Title VII ng batas na ito ay nagsusog sa Public Law 94-241, ang Batas na nag-aaproba sa Kasunduang Itatag ang Commonwealth of the Northern Marianas sa Unyong Politikal ng Estados Unidos. Ang Title VII ay nagpapalawak sa ilang mga probisyon sa mga batas sa imigrasyon ng Estados Unidos, kabilang ang Immigration and Nationality Act (INA), sa CNMI.

Magbibigay ng parole (pansamantalang pagpapapasok) ang United States Citizenship and Immigration Services (USCIS) sa indibidwal na paraan sa mga kwalipikadong indibidwal sa ilang grupo ng mga dayuhan sa CNMI. Gagamitin ang kapangyarihang ito alinsunod sa section 212(d)(5) ng INA at ng mga mapapairal na regulasyon.

**Mga Tanong at Sagot**

**Q. Ano-anong mga grupo sa CNMI ang maaaring maging kwalipikado sa pagbibigay ng parole?**

A.: Ang sumusunod na mga grupo ay maaaring maging kwalipikado sa pagbibigay ng parole:

- Permanenteng mga residente ng CNMI;
- Malalapit na kamag-anak ng permanenteng mga residente ng CNMI;
- Mga asawa at mga anak ng namatay na permanenteng mga residente ng CNMI; at
- Mga malalapit na kamag-anak ng mga mamamayan ng Freely Associated States (ang Republic of Palau, ang Federated States of Micronesia, at ang Republic of the Marshall Islands).

**Q. Ano ang isang malapit na kamag-anak?**

A. Para lang sa programa ng parole na ito, gagamitin ng USCIS ang kahulugan ng "malapit na kamag-anak" (immediate relative) sa ilalim ng batas ng CNMI. Ang "malapit na kamag-anak" ay nangangahulugang:

- Isang kinilala sa batas na asawa;
- Anak na mababa sa edad 21 natural na anak man o ampon bago ang edad 18;
- Ang stepchild (anak ng asawa) kung ang kasal na lumikha sa relasyon ng stepchild ay naganap bago ang ika-18 kaarawan ng anak; o
- Ang buhay na asawa o anak ng isang permanenteng residente ng CNMI.

**Q. Ano ang ibig sabihin ng katayuan ng parole?**

A. Ang aplikante para sa pagpasok sa ilalim ng batas sa imigrasyon ng U.S. ay isang dayuhan na sinuri at pinapasok ng isang opisyal ng imigrasyon ng U.S. Mula sa petsa ng pagsisimula (Nob. 28, 2009) ng programa

ng transisyon, ang mga dayuhang nasa CNMI na walang katayuan sa imigrasyon ng U.S. ay magiging mga aplikante para sa pagpapapasok. Ang USCIS ay may kapangyarihan sa pagpapasya para sa mga aplikante ng parole sa pagpapapasok para sa pangmadaliang makataong mga dahilan o makabuluhang benepisyo ng publiko. Ang dayuhang pansamantalang pinapasok ay mananatiling aplikante para sa pagpapapasok, ngunit positibong pinahintulutang manatili sa Estados Unidos at maaaring mag-aplay sa pag-aaproba na papasyahan (discretionary grant) para sa pahintulot na magtrabaho.

**Q. Gaano katagal na balido itong katayuan ng parole?**
A. Ang katayuan ng parole ay karaniwang balido sa loob ng dalawang taon at maaaring ma-renew batay sa patuloy na kaangkupan ng dayuhan. At saka, maaaring pawalan ng bisa ng USCIS ang pagbibigay ng parole kung may dahilan na gawin ito (gaya ng kung ang pansamantalang pinapasok na dayuhan ay nakagawa ng krimen o nakakaranas ng personal na pagbabago sa mga sirkumstansiyang nakakaapekto sa kaangkupan.)

**Q. Kailangan bang magpakita ang mga tao ng patunay ng kanilang katayuan sa CNMI upang maging angkop para sa parole?**
A. Oo. Ang mga sumusunod ay maaaring isumite bilang patunay ng iyong katayuan at/o relasyon na nagbibigay ng kwalipikasyon (maaaring tanggapin ang mga kopya):

- Status Card ng Permanenteng Residente ng CNMI o Malapit na Kamag-anak
- Patunay ng katayuan ng mamamayan ng FAS
- Sertipiko ng Kasal
- Sertipiko ng kapanganakan ng anak
- Sertipiko ng kamatayan ng taong namatay
- Patunay ng iyong huling katayuan sa imigrasyon ng CNMI
- Patunay ng iyong kasalukuyang katayuan ng pangengempleo sa CNMI

**Q. May iba pa bang kailangan upang makakuha ng katayuan ng parole?**
A. Oo. Ang pagbibigay ng parole sa ilalim ng polisiyang ito ay hindi awtomatiko, ngunit papasyahan sa indibidwal na basehan. Isasaalang-alang ng USCIS ang anumang sanhi ng pagiging di-katanggap-tanggap na maaaring maging dahilan ng hindi pabor na paggamit ng pagpapasya. Ang mga aplikante para sa paggamit ng kapangyarihan ng parole na ito ay kailangang magpatunay ng katayuan ng pagiging kwalipikado bilang kasapi ng sobrang mataong grupo. Ang mga aplikante ay kailangang legal na naririto sa ilalim ng batas ng CNMI na magsisimula kaagad sa epektibong petsa ng programa ng transisyon.

**Q. Ano-ano ang mga filing fee na may kinalaman sa pagkuha ng katayuan ng parole?**
A. Walang filing fee (bayarin sa paghahain) upang makakuha ng parole sa CNMI sa ilalim ng programang ito. Kung ang ilang pansamantalang pinapasok na dayuhan ay humiling ng pahintulot para sa pangengempleo o mga prebilihiyo sa pagbibiyahe, kailangang maghain siya ng angkop na form ng aplikasyon. Ang kasalukuyang filing fee ay $340 para sa Form I-765, Application for Employment Authorization at $305 para sa Form I-131, Application for Travel Document. Maaaring alisin ng USCIS ang bayarin sa paghahain para sa Form I-765 batay sa iyong kawalang kakayahan na magbayad sa bayarin. Aalisin ng USCIS ang filing fee para sa mga aplikante sa sobrang mataong CNMI sa pamamagitan ng pagpapakita ng kahirapan sa ekonomiya na nakatutugon sa maaaring umpisa. Upang humiling na alisin ng USCIS ang bayarin, maglakip ng sulat kasama ang iyong Form I-765 alinsunod sa mga tagubilin sa form. Hindi maaaring alisin ang bayarin para sa Form I-131.
Ang mga kahilingang magbiyahe mula sa CNMI patungo sa ibang bahagi ng Estados Unidos at iba pang mga teritoryo nito (kabilang ang Guam) ay hindi nangangailangan ng filing fee.

**Q. Kailan ako makakapag-aplay para sa katayuan ng parole?**
A: Maaari kang mag-aplay para sa katayuan ng parole anumang oras sa o pagkatapos ng Nobyembre 28, 2009.

**Q. Paano ipoproseso ng USCIS ang aking aplikasyon?**
A: Kukumpirmahin ng USCIS ang iyong katayuan, magsagawa ng pagsuri sa background, isaalang-alang ang mga sanhi ng pagiging di-katanggap-tanggap na maaaring magbigay-katwiran sa hindi pabor na paggamit ng pagpapasya at gumawa ng ibang mga function sa pagpoproseso. Kung aprobahan ng USCIS ang iyong aplikasyon, padadalhan ka ng Form I-94, Arrival and Departure Record. Kung tanggihan ang iyong aplikasyon, magpadala ang USCIS ng sulat upang abisuhan ka.

**Q. Paano ako mag-aplay para sa parole?**
A: Kailangang gagawa ka muna ng online na appointment upang bumisita sa USCIS Application Support Center, TSL Plaza Building, Beach Road South, Saipan, CNMI. Kailangang personal mong isumite ang kahilingan para sa parole sa isang opisyal ng imigrasyon ng USCIS sa appointment na iyon. Maaari kang gumawa ng online na appointment sa www.uscis.gov.

Sa appointment, tatanggapin ng opisyal ng imigrasyon ang aplikasyon at sasagutin ang anumang katanungan sa paghahain. Kung nag-aaplay ka para sa parole batay sa pagiging asawa ng isang mamamayan ng Freely Associated States, magsasagawa ng panayam ang opisyal ng imigrasyon sa iyo at sa iyong asawa. Habang nasa appointment, kakailanganin kang sumailalim sa fingerprinting upang simulan ang mga pagsuri sa seguridad na kailangan bago ang pag-isyu ng parole. Walang bayarin ang ipapataw para sa aplikasyon ng parole o sa fingerprinting na ito.

**Q. Ano ang kailangan kung isumite sa panahon ng aking appointment sa ASC Saipan?**
A. Kailangan mong isumite ang sumusunod sa iyong appointment:

- Sulat ng kahilingan na nilagdaan mo at ipinadala sa Director, USCIS District 26, Honolulu Hawaii. Maaaring itinipa o isinulat-kamay nang maayos.
- Patunay ng katayuan mula sa Petsa ng Pagsisimula ng Programa ng Transisyon (Nobyembre 28, 2009);
- Patunay ng paninirahan sa CNMI sa panahon ng aplikasyon;
- Nakompletong Form G-325, Impormasyon sa Biyograpiya;
- Apat na kinahulihang mga letrato sa uri ng pasaporte; at
- Balidong dokumentong mapagkilanlan gaya ng pasaporte o sertipiko ng kapanganakan.

**Q. Awtomatiko ba ang aking pahintulot sa trabaho kapag nabigyan ng parole?**
A: Hindi. Kailangang mabigyan ka muna ng parole at magsumite ng patunay (Form I-94) ng pagbibigay kasama ng iyong aplikasyon para sa pahintulot sa pangengempleo (Form I-765). Kung maaproba ang pahintulot sa pagtatrabaho, magiging angkop kang magtrabaho sa CNMI sa loob ng kabuuang panahon ng parole.

**Q: Maaari ba akong magtrabaho para sa sinumang employer sa CNMU gamit ang pahintulot sa pangengempleo?**
A: Oo. Ang pahintulot sa pangengempleo na ito ay di-limitado.

**Q. Paano akong mag-aplay para sa pahintulot sa pangengempleo?**
A: Kailangang maghain ka ng Aplikasyon para sa Pahintulot sa Pangengempleo o Application for Employment Authorization, Form I-765, alinsunod sa mga tagubilin sa paghahain sa mga itinalagang

lokasyon na nasa mga tagubilin ng form. Ibibigay ang pahintulot sa pangengempleo sa palaking paraan nang hanggang dalawang taon.

**Q. Maaari ba akong magbiyahe patungong Guam, Hawaii, o sa U.S. Mainland gamit ang katayuan ng parole?**

A. Bilang parolee, maaaring maging angkop ka na magbiyahe sa ibang bahagi ng Estados Unidos at sa mga teritoryo nito. Upang humiling ng pahintulot na magbiyahe sa ibang bahagi ng Estado Unidos at/o sa isang teritoryo ng U.S., kailangang maghanda at lagdaan mo ang sulat na tumutukoy sa layunin ng pagbiyahe at ang iyong hangarin na bumalik sa CNMI. Ang sulat ay kailangang ipatungkol at ikoreo sa Field Office Director, USCIS Guam Field Office, Sirena Plaza, Suite 100 108 Hernan Cortez Avenue Hagatna, Guam 96910. Aabisuhan ka ng Field Office ng Guam, sa pamamagitan ng panulat, tungkol sa pasya sa iyong kahilingang bumiyahe.

**Q:  Maaari ba akong bumiyahe sa isang dayuhang bansa at muling pumasok sa CNMI habang ako ay isang parolee?**

A:  Maaaring maging angkop ka para sa paunang parole upang muling pumasok sa CNMI mula sa biyahe sa dayuhang bansa. Upang mag-aplay para sa paunang parole, ikoreo sa Field Office Director, USCIS Guam Field Office, Sirena Plaza, Suite 100 108 Hernan Cortez Avenue Hagatna, Guam 96910 ang Dokumento para sa Aplikasyon na Bumiyahe o Application for Travel Document,  Form I-131, kasama ang bayarin at sumusuportang mga dokumento alinsunod sa mga tagubilin sa form. Aabisuhan ka ng Field Office ng Guam, sa pamamagitan ng panulat, tungkol sa pasya sa iyong kahilingan na bumiyahe. Makukuha ang karagdagang impormasyon sa mga tagubilin sa Form I-131 o mula sa ASC Saipan.

**Q.  Kung maaproba akong bumiyahe sa Guam, Hawaii, o sa U.S. Mainland gamit ang katayuan ng parole, at mayroon akong Employment Authorization Document (EAD), maaari ba akong makapagtrabaho sa ibang lugar ng U.S.?**

A.  Hindi. Hindi aaprobahan ng USCIS ang biyahe ng mga parolee ng CNMI patungo sa ibang destinasyon ng U.S. para sa layunin ng pagtira o pangengempleo. Sa ilalim ng programang ito, ang iyong EAD ay hindi kinukunsiderang balido para sa pangengempleo sa labas ng CNMI. Malalagay ka sa paglabag ng iyong mga kondisyon sa parole, at maaaring alisin mula sa Estados Unidos patungo sa iyong bansa ng pagkamamamayan kung makuha mo ang kagayang empleo.

**Q. Sa aking pagbalik sa CNMI mula sa isang dayuhang bansa, mananatili ba sa akin ang pahintulot ng pangengempleo sa CNMI?**

A: Oo. Ang pagbibiyahe palabas at pagbalik sa CNMI ay hindi nagpapawalang bisa sa iyong pahintulot sa pangengempleo kung patuloy mong matupad ang mga kondisyon sa parole.

**Q: Maaari ko bang i-renew ang aking parole kapag nawalan na ito ng bisa pagkatapos ng dalawang taon?**

A: Maaari kang humiling na i-renew (re-parole) nang hanggang sa 120 araw bago mawalan ng bisa ang iyong umiiral na panahon ng parole. Sundin ang katulad na paraan ng paghahain gaya ng naunang aplikasyon ng parole. Ang renewal ay batay sa patuloy na kaangkupan ng dayuhan. At saka, maaaring pawalan ng bisa ng USCIS ang pagbibigay ng parole kung may dahilan na gawin ito (gaya ng kung ang pinapasok na dayuhan ay nakagawa ng krimen o nakakaranas ng personal na pagbabago sa mga sirkumstansiyang nakakaapekto sa kaangkupan.)

**Q: Maaari ko bang i-renew ang aking pahintulot sa pagtatrabaho?**

A:  Maaari kang maghain para sa renewal o pagpapatuloy ng iyong employment authorization document (EAD) sa USCIS nang hanggang sa 120 araw bago mawalan ng bisa ang iyong umiiral na EAD, ngunit PAGKATAPOS maaproba ang iyong aplikasyon para sa muling pansamantalang pagpapapasok. Upang

maiwasan ang paglampas sa taning ng pahintulot, humiling ng re-parole upang maproseso ng USCIS ang iyong aplikasyon at maipadala sa iyo ang bagong Form I-94.

**Q. Ang parole ba ay nagbibigay ng legal na katayuan ng permanenteng paninirahan (Green Card)?**
A. Hindi. Ang parole ay pansamantala at hindi nagbibigay ng anumang legal na permanenteng katayuan. Ang mga alituntunin at kondisyon ng naaprobang parole ay itatakda sa dokumento ng parole. Ang mga alituntunin at kondisyon na ito ay hindi naglalakip sa pagbibigay ng legal na katayuan ng permanenteng residente.

**Q. Kung ako ay angkop para sa parole sa ilalim ng programang ito, kailanganin ba akong mag-aplay kaagad dito sa Nobyembre, 28, 2009?**
A. Hindi. Ang mga dayuhan na legal na naririto sa ilalim ng batas ng CNMI sa petsa ng transisyon ay karaniwang maaaring mananatili sa loob ng panahon ng kanilang pahintulot sa CNMU, o 2 taon, alinman ang mababa, at maaaring sa maraming sitwasyon ay may patuloy na pahintulot sa pagtatrabaho para sa katulad na panahon. Sa pagkawala ng bisa ng katayuan sa CNMI o 2 taon, alinman ang unang mangyayari, kailangang makakuha ng legal na katayuan ang mga dayuhan sa ilalim ng batas sa imigrasyon ng U.S. Ang mga aplikasyon sa ilalim ng pahintulot ng parole na ito ay maaaring isang paraan kung saan ang mga dayuhan ay maaaring makakuha ng kagayang legal na katayuan. Gayon pa man, ang mga benepisyo sa imigrasyon ng U.S. sa ilalim ng parole ay hindi awtomatiko at kailangan mong mag-aplay upang makuha ang kagayang mga benepisyo. Maaaring maging angkop ka sa katayuan ng imigrante o di-imigrante sa ilalim ng Immigration & Nationality Act. Kaya, maaari mong piliing hindi mag-aplay para sa parole na ito kahit na ikaw ay angkop para rito.

**Q. Kung bibigyan ako ng parole sa ilalim ng programang ito, mawawala ba sa akin ang patuloy na pahintulot sa pangengempleo nang hanggang sa dalawang taon pagkatapos ng Nobyembre 28, 2009, sa ilalim ng CNRA?**

A. Hindi, maaari kang magpatuloy sa ilalim ng iyong pahintulot sa CNRA kung bibigyan ka ng parole, nang hindi na mag-aplay para sa isang Employment Authorization Document (EAD). Gayon pa man, kailangan mo ng isang EAD upang makapagtrabaho pagkatapos ng Nobyembre 28, 2011 (o sa petsa nang pagkawala ng bisa ng iyong pahintulot ng CNRA, kung mas maaga), o magtrabaho sa anumang empleo na labas sa saklaw ng pahintulot na iyon.

**Q. Ang ibig bang sabihin nito ay walang ibang dayuhan sa CNMI ang pansamantalang papasukin?**
A. Hindi. Pinasyahan ng USCIS na ang parole ay maaaring maaproba sa angkop na mga dayuhan sa partikular na mga grupong ito sa panahong ito. Ang USCIS at iba pang mga ahensiya ng imigrasyon ng DHS ay maaaring gagamit sa kapangyarihan ng parole sa ibang sitwasyon sa pamamagitan ng indibidwal na basehan gaya ng maaaring angkop.

**Q. Tungkol naman sa mga aplikante ng parole mula sa Tinian at Rota?**
A. Ikokoreo ng lahat ng aplikante ang mga aplikasyon sa katulad na address, gaya ng tinukoy sa mga tagubilin para sa katugon na form. Maaaring ikunsidera ng USCIS ang paminsang-minsang pagbiyahe sa Tinian at Rota sa hinaharap kung lilitaw ang pangangailangan para sa pag-isyu ng parole at biometrics, gayon pa man, walang kasalukuyang plano upang ihandog ang serbisyong ito. Ang parole ay nangangailangan ng personal na pagdalo, kaya ang mga aplikante mula sa Tinian at Rota ay kailangang magplano na magbiyahe sa Saipan para sa layuning iyon.

-USCIS-